# Pagiging Ligtas ng Upuan ng Bata sa Kotse

Pagsisimula nang Ligtas

## Nakaharap sa Likuran



Para sa mga sanggol na hanggang sa 30 buwang gulang

## Nakaharap



Ang upuang ito ay para sa mga bata na nakaliitan ang kanilang upuan na nakaharap sa likuran.

## Booster



Inaangat ng upuang ito ang bata para sumakto ang pangmatandang seat belt.

## Seat Belt



Gamitin ang 5-hakbang na pagsubok upang makita kung ang inyong anak ay handa nang umupo sa may seat belt.

Mahalaga na **HUWAG** ilipat sa kasunod na upuan ang bata kung hindi pa sila handa dahil maaari itong maging sanhi ng malubhang pinsala. **Palaging gamitin ang mga pananda sa balikat sa inyong upuan na gagabay sa inyo.**

Dapat na kapantay ng balikat ang mga strap.

Tingnan kung salungat sa pinakamababa at pinakamataas ng pananda ng taas, na matatagpuan sa upuan ng bata.

Siguraduhin na hindi nakapilipit ang mga strap at hindi ito masyadong mahigpit na isang daliri lang ang lapad ng kaluwagan.



Tiyakin na nakakabit nang maayos ang panlikod na tether strap sa tamang anchor point.

Iposisyon ang inyong anak nang nakalapat ang kanilang likod at puwit sa upuan ng kotse.

Tiyakin na mahigpit ang seat belt, para mapanatili sa puwesto ang upuan sa sasakyan.

Hanapin ang factory fitted child restraint anchor point ng iyong sasakyan (tingnan ang manwal ng kotse kung hindi mahanap) at kumpirmahing ginagamit mo ang tamang anchor point ng iyong sasakyan.

Suriin kung nakakabit nang maayos sa anchor point ang ibabaw ng tether strap at nahila nang mahigpit na hindi maluwag at hindi nakapilipit

*Inilahad ng*

ROAD SAFETY EDUCATION VICTORIA

Starting Out Safely

EARLY LEARNING ASSOCIATION AUSTRALIA


VICTORIA State Government

# Pagiging Ligtas ng Upuan ng Bata sa Kotse

Dapat na diretso ang tether strap para sa lahat ng upuan ng bata sa kotse at kapsula. Maaaring kailanganin mo ng pandugtong na tether strap upang maabot ang anchor point.

Gayundin kung may kasamang stabilizer bar ang upuan mo, siguruhing gamitin ito kung ang upuan ay nakaharap sa likuran.


Gamitin ang alinman sa seat belt o Isofix na mga konektor.




Siguraduhin na ginagamit mo ang tamang anchor point para sa upuan ng bata.

Gamitin ang manwal ng inyong kotse upang mahanap ang tamang posisyon.

**Bahaging pagkakabitan**




Siguraduhin na ang upuan ay may aprubadong Australian Standard Sticker at may label na ipinapakita ang **AS/NZS 1754**. Ang mga sticker ay **HINDI** dapat napinsala o natanggal. Hindi dapat gamitin ang mga upuan na walang naaangkop na sticker.




Bago ilipat ang bata mula sa Upuan na Booster para sa Bata, **mangyaring tiyakin na natutugunan nila ang lahat sa 5 hakbang na pagsubok**.

Kung hindi sila pumasa sa lahat ng 5 Hakbang, dapat silang manatili sa Upuan na Booster.

Ito ay nasa humigit-kumulang 145cm

**ANG LIMANG HAKBANG NA PAGSUBOK**




1. Nakalapat ang likod sa upuan ng sasakyan
2. Nakabaluktot ang mga tuhod sa gilid ng upuan
3. Nakalapat ang lap belt sa ibabaw ng mga hita
4. Naka-cross ang shoulder belt sa kalagitnaan ng balikat
5. Kayang manatili sa posisyong ito para sa tagal ng pagbiyahe

Ang mga upuan sa likod ang pinakaligtas na lugar kung saan dapat iupo ang mga bata. Maaaring umupo sa upuan sa harap ang mga bata na 12 taong gulang pataas at lampas 145cm.

Huwag na huwag maglagay ng upuang nakaharap sa likuran kung saan naroon ang aktibong airbag.



Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa website ng ELAA na Starting Out Safely sa **www.childroadsafety.org.au**